ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# TUNGKULIN NG EDUKASYON AT TEKNOLOHIYA SA PAGPAPANATILI NG MGA TRADISYUNAL NA PANINIWALA SA BAYAN NG MAJAYJAY

**Maika Julie Hernandez Garcia**

## ABSTRACT

*Ang pag-aaral na ito ay tumatalakay sa "Tungkulin ng Edukasyon at Teknolohiya sa Pagpapanatili ng mga Tradisyunal na Paniniwala sa Bayan ng Majayjay". Layunin nitong matukoy ang Tungkulin ng Edukasyon at Teknolohiya. Dagdag pa rito ay ang antas ng Pagpapanatili ng mga Tradisyunal na Paniniwala sa Bayan ng Majayjay. Sinuri rin ng pananaliksik na ito ang makabuluhang ugnayan ng tungkulin ng edukasyon at teknolohiya sa pagpapanatili ng tradisyunal na paniniwala sa Bayan ng Majayjay.*

*Gamit ang deskriptibong-korelasyonal na disenyo, ang pananaliksik sa (248) tagatugon mula sa Baitang 8 sa lahat ng pansekondaryang paaralan sa Bayan ng Majayjay, Laguna na pinili gamit ang Purposive Sampling Technique.*

*Ayon sa resulta ng pananaliksik, ang antas ng Tungkulin ng Edukasyon sa mga mag-aaral ay nakakuha ng tugon na Lubos na Sumasang-ayon at berbal na pagpapakahulugan na Lubos na Nagagampanan. Sumunod dito ay ang antas ng Tungkulin ng Teknolohiya sa mga mag-aaral na nagtamo ng tugon na Lubos na Sumasang-ayon. Nakakuha rin ng pangkabuuang berbal na pagpapakahulugan na Lubos na Nagagampanan. Makikita rin ang magandang resulta ng Pagpapanatili ng mga Tradisyunal na Paniniwala sa Bayan ng Majayjay. Nagkamit din ito ng Lubos na Sumasang-ayon at Lubos na Napananatili. Isinasaad na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng Tungkulin ng Edukasyon sa Pagpapanatili ng mga Tradisyunal na Paniniwala sa Bayan ng Majayjay. Isinasaad din ng pag-aaral na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng Tungkulin ng Teknolohiya sa Pagpapanatili ng Tradisyunal na Paniniwala sa Bayan ng Majayjay.*

*Ang tungkulin ng edukasyon at teknolohiya ay may makabuluhang ugnayan sa pagpapanatili ng tradisyunal na paniniwala sa Bayan ng Majayjay kung kaya't ang mga haypoteses ay hindi tinatanggap. Ito ay nangangahulugan na ang tungkulin ng edukasyon at teknolohiya ay mabisang kasangkapan sa pagpapanatili ng tradisyunal na paniniwala sa Bayan ng Majayjay.*

*Ang pagsasagawa ng mga programang pangkultura na magpapalakas sa identidad ng mga mag-aaral at pagsasagawa ng mga festival, seminar, at workshop ay makatutulong sa pagpapalaganap ng kaalaman ukol sa lokal na tradisyon ang ilan sa ibinigay na rekomendasyon ng mananaliksik upang higit na mapalaganap at mapanatili ang tradisyunal na paniniwala sa Bayan ng Majayjay.*

**SUSING SALITA:** *Edukasyon, Teknolohiya, Tradisyunal na Paniniwala, Multikultural na Edukasyon, Inobatibong Pamamaraan*

## PANIMULA

Sa patuloy na pag-inog ng ating mundo, dala ng makabagong teknolohiya at mga umuusbong na bagong kaalaman, mapapansin na unti-unting nagbabago ang paraan ng pamumuhay at pag-iisip ng mga tao. Habang patuloy na lumalawak ang kaalaman at koneksyon ng mga tao sa buong mundo, nagiging hamon para sa mga kabataan na mapanatili ang mga tradisyunal na paniniwala at mga gawi ng kanilang mga ninuno (Santos at Ledesma, 2015).

Ang mga tradisyunal na paniniwala ay may malaking bahagi sa ating pagkakakilanlan bilang isang bayan. Isa itong salamin ng ating kasaysayan, karanasan, at mga pagpapahalaga na minana natin mula pa sa ating mga ninuno. Kaya napakahalaga na maipasa ang mga tradisyunal na gawi at paniniwala sa mga susunod na henerasyon bilang bahagi ng kanilang pagkakakilanlan sa kabila ng hamon ng modernisasyon (Fajinmi, J., & Oloyede, J. ,2025).

Batid natin na sa pagpasok ng makabagong sistema ng ating edukasyon at ang mabilis na paglaganap ng teknolohiyang digital, ang mga tradisyunal na paniniwala at kultura ay nahaharap sa panganib ng unti-unting pagkalimot o pagkawala. Ang bagong henerasyon ay mas nakatutok sa paggamit ng social media at iba pang digital na plataporma kaysa sa personal na pakikipag-ugnayan, na nagiging sanhi ng pagkakalayo sa kanilang kultura at tradisyon (Belizar, 2024).

Binanggit ni Asterra (2023), ang edukasyon ay may mahalagang papel sa pagpapanatili ng kulturang Pilipino sa pamamagitan ng pagpapalawak ng kaalaman at pagpapahalaga sa mga tradisyon at kaugalian. Sa kabilang banda, ayon sa Cyberlutions Team (2024), ang teknolohiya ay nagsisilbing tulay sa pagpapasa ng kultura sa pamamagitan ng digital archiving, virtual reality, at social media platforms, na nagpapadali sa pag-access at pagpapalaganap ng mga tradisyon at kasaysayan. Samakatuwid, maaaring maging tulay ang edukasyon at teknolohiya upang mapanatili at maipasa ang mga tradisyonal na paniniwala sa mas maraming tao.
Layunin ng pananaliksik na ito na masuri ang antas ng tungkulin edukasyon at teknolohiya sa pagpapanatili ng tradisyunal na paniniwala at kultura. Mahalaga ring alamin

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kung paano ginagampanan ng pamilya at komunidad ang kanilang papel sa pagpapanatili ng kultura gayundin ay nakakaapekto ba ang wika at mga pagdiriwang upang mapanatili ang tradisyunal na paniniwala sa isang pamayanan.

Sa kabuuan, ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin at alamin ang tungkulin na ginagampanan ng edukasyon at teknolohiya sa pagpapanatili ng mga tradisyunal na paniniwala sa bayan ng Majayjay.

## METODLOHIYA

Gamit ang deskriptibong-korelasyonal na disenyo, ang pananaliksik sa (248) tagatugon mula sa Baitang 8 sa lahat ng pansekondaryang paaralan sa Bayan ng Majayjay, Laguna na pinili gamit ang Purposive Sampling Technique.

## RESULTA AT TALAKAYAN

Narito ang talahanayan 1 na nagsasaad ng Antas ng Tungkulin ng Edukasyon sa mga Mag-aaral batay sa Pagsulong ng Kaalaman at Kasanayan.

**Talahanayan 1 Antas ng Tungkulin ng Edukasyon sa mga Mag-aaral batay sa Pagsulong ng Kaalaman at Kasanayan**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nailalahad ang mga kinakailangang kaalaman at kasanayan sa tradisyunal na paniniwala sa Bayan ng Majayjay sa tulong ng edukasyon. | 4.40 | 0.65 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nauunawaan ang mga tradisyunal na paniniwala sa Bayan ng Majayjay katulad ng paglikha ng mga kagamitan gamit ang kawayan na nagpapasulong ng ganitong kasanayan. | 4.41 | 0.64 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Naaanalisa ang mga aspeto ng tradisyunal na paniniwala at kung paano ito nagsisilbing bahagi ng kanilang pagkakakilanlan. | 4.22 | 0.69 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Gumagamit ng natutunan mula sa edukasyon upang mapanatili ang mga tradisyunal na paniniwala ng komunidad. | 4.31 | 0.72 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakakabuo ng mga ideya kung paano maaaring mapanatili at mapalaganap ang mga tradisyunal na paniniwala sa hinaharap. | 4.22 | 0.78 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.31** | | |
| **SD** | **0.70** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na Nagagampanan** | | |

Batay sa ipinakitang datos sa Talahanayan 1, makikita na "Lubos na Nagagampanan" ng edukasyon ang tungkulin nito sa pagsulong ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral, partikular sa konteksto ng mga tradisyunal na paniniwala sa Bayan ng Majayjay. Ang kabuuang weighted mean na 4.31 ay nagpapahiwatig na ang mga tagatugon ay lubos na sumasang-ayon na malaki ang naging papel ng edukasyon sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman, at kasanayan sa mga tradisyunal na paniniwala.

Ayon kay Mendoza (2021), ang integrasyon ng mga lokal na kaalaman at kasanayan sa kurikulum ay hindi lamang nakatutulong sa pagpapalaganap ng mga ito, kundi nagpapalawak din ng kamalayan ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng kanilang kultura at kasaysayan. Halimbawa, ang pag-aaral ng mga tradisyunal na gawain tulad ng paggawa ng mga kagamitan mula sa ay nagpapalalim sa kanilang pang-unawa sa kahalagahan ng mga ito sa kanilang komunidad at buhay. Sa pamamagitan din ng mga lokal na kaalaman at kasanayan, mas minamahal ng mga mag-aaral ang kasaysayan at kultura ng kanilang bayang kinagisnan.

Taliwas naman ito sa pag-aaral ni Cruz (2022), bagaman may mga benepisyo ang integrasyon ng lokal na kaalaman at kasanayan sa kurikulum, may mga aspeto rin na hindi nabibigyang-pansin. Ang pangunahing isyu ay ang hindi pag-akma ng ilang mga tradisyunal na gawain sa modernong kurikulum, kaya't nagiging hadlang ito sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa iba'tibang larangan at iba pang mga kasanayan na kinakailangan sa kasalukuyang panahon.

Narito ang talahanayan 2 na nagsasaad ng Antas ng Tungkulin ng Edukasyon sa mga Mag-aaral Batay sa Paghubog ng Moralidad at Pagpapahalaga.

**Talahanayan 2 Antas ng Tungkulin ng Edukasyon sa mga Mag-aaral batay sa Paghubog ng Moralidad at Pagpapahalaga**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Natututo ng mga moral na prinsipyo mula sa mga tradisyunal na paniniwala ng Majayjay. | 4.29 | 0.71 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Naiintindihan ng mga mag-aaral sa Majayjay ang mga moral na prinsipyo at pagpapahalaga na nakapaloob sa mga tradisyunal na paniniwala ng komunidad. | 4.17 | 0.85 | Sumasang-ayon |
| Nagagamit ang mga tradisyunal na paniniwala upang mapabuti ang mga desisyon sa buhay at pagpapahalaga sa pamilya at komunidad. | 4.25 | 0.81 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nailalapat ang mga tradisyunal na paniniwala sa pang-araw-araw na buhay, lalo na sa pagpapakita ng tamang moralidad at pagpapahalaga sa tulong ng edukasyon. | 4.27 | 0.74 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Napaiigting ang pagiging mapanuri at makatarungan sa paghuhusga ng mga moral na isyu sa komunidad. | 3.96 | 0.79 | Sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.19** | | |
| **SD** | **0.71** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Nagagampanan** | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Batay sa datos mula sa Talahanayan 2, makikita na “Nagagampanan” ng edukasyon ang tungkulin nito sa paghubog ng moralidad at pagpapahalaga sa mga mag-aaral, ayon sa weighted mean na 4.19. Ipinapakita ng mga resulta na sa kabuuan, positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa Majayjay sa papel ng edukasyon sa paglinang ng kanilang tamang asal, pagpapahalaga sa pamilya, at kamalayan sa mga moral na prinsipyo ng kanilang komunidad.

Sa isang partikular na pag-aaral ni De la Cruz (2020), ipinakita na ang pagpapalaganap ng mga kasanayan sa moralidad at pagpapahalaga sa mga mag-aaral ay hindi lamang nagdudulot ng mga positibong epekto sa kanilang mga desisyon sa buhay kundi tumutulong din sa pagpapalaganap ng mas malalim na pagkakaunawaan at pagtanggap sa mga isyung moral sa kanilang komunidad. Sa kabilang banda, ayon kay Bautista (2021), may mga hindi pagsang-ayon hinggil sa epekto ng pagtutok sa mga lokal na tradisyunal na moralidad at pagpapahalaga sa mga mag-aaral. Ayon sa kanyang pag-aaral, bagamat may magandang layunin ang pagpapalaganap ng mga lokal na prinsipyo ng moralidad, ito ay nagiging hadlang sa mga mag-aaral sa kanilang kakayahan na mag-isip ng kritikal sa mga isyung moral na hinaharap sa kasalukuyang panahon. ng ganitong pagtutok sa tradisyunal na mga pagpapahalaga ay maaaring maglimita sa kanilang pag-unawa at pag-aanalisa ng mga kontemporaryong isyung moral na kinakaharap nila sa kasalukuyang panahon, na mahalaga para sa kanilang pag-unlad bilang mga responsable at mapanuring mamamayan.

Narito ang ikatlong talahanayan na nagsasaad ng Antas ng Tungkulin ng Edukasyon sa mga Mag-aaral Batay sa Paglinang ng Kritikal na Pag-iisip.

**Talahanayan 3 Antas ng Tungkulin ng Edukasyon sa mga Mag-aaral batay sa Paglinang ng Kritikal na Pag-iisip**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Natutukoy ang mga kaalaman sa mga paksang pumapatungkol sa tradisyunal na paniniwala na nagpapalakas ng kakayahan sa pagsusuri at kritikal na pag-iisip. | 4.29 | 0.672 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Napahahalagahan ang kahalagahan ng kritikal na pag-iisip sa pagsusuri at pagpapahalaga sa mga tradisyunal na paniniwala sa bayan ng Majayjay. | 4.38 | 0.611 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nasusuri ang mga tradisyunal na paniniwala at nakikilala ang mga aspeto na kailangan pa ng pagbabago o pagpapabuti, habang pinapahalagahan ang mga tradisyon ng komunidad. | 4.35 | 0.75 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Napayayabong ang tradisyunal na paniniwala upang matukoy kung alin ang patuloy na kapaki-pakinabang at alin ang maaaring kailanganin ng pagbabago upang umangkop sa makabagong panahon. | 4.33 | 0.73 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nailalapat ang mga natutunang kritikal na kaisipan sa pagsusuri at pagpapahalaga sa mga tradisyunal na paniniwala. | 4.15 | 0.74 | Sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.30** | | |
| **SD** | **0.71** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na Nagagampanan** | | |

Batay sa ipinakitang datos sa Talahanayan 3, malinaw na "Lubos na Nagagampanan" ng edukasyon ang tungkulin nito sa paglinang ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral, gaya ng ipinapakita sa weighted mean na 4.30. Ipinahihiwatig nito na positibong kinikilala ng mga mag-aaral ang papel ng edukasyon sa pagpapalawak ng kanilang kakayahang magsuri, mag-analisa, at magpasya hinggil sa mga tradisyunal na paniniwala sa kanilang komunidad.

Iminungkahi ni Flores (2023) sa kanyang pag-aaral na "Transformative Education and Cultural Preservation" na ang kritikal na pag-iisip ay hindi lamang para sa pagsusuri ng kultura kundi pati na rin sa pagpapayabong nito. Ayon sa kaniya, ang edukasyon na nakatuon sa kritikal na pag-iisip ay nakatutulong sa mga mag-aaral na tukuyin kung aling mga aspeto ng kanilang kultura ang dapat panatilihin, palakasin, o baguhin upang maging mas makabuluhan sa kasalukuyang panahon. Sa mas malawak na konteksto, ang pag-aaral ni Santos (2021) na "Critical Thinking in the Age of Globalization" ay nagbigay-diin kung gaano kahalaga ang kritikal na pag-iisip lalo’t higit sa makabagong henerasyon sa panahon ng mabilis na pagbabago dulot ng globalisasyon. Ayon sa kaniya, ang pagkakaroon ng matatag na kritikal na pag-iisip ay tumutulong sa mga komunidad na matukoy kung aling mga impluwensya mula sa labas ang kanilang tatanggapin, baguhin, o tatanggihan batay sa kanilang sariling mga pamantayan at pagpapahalaga.

Kaya sa kabuuan, mahalaga ang pagpapayabong ng kritikal nap ag-iisip. Sa pangkalahatan, ang mga resulta ay nagpapakita na ang edukasyon ay may malaking epekto sa pag-unlad ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa Majayjay, lalo na tungkol sa pagharap sa mga isyu tungkol sa tradisyon at kultura. Habang isinasaalang-alang ang pag-unlad at modernisasyon ng lipunan, natututo ang mga kabataan na suriin, pag-isipan, at bigyang-halaga ang mga paniniwala. Ang edukasyon ay lubos na nagagampanan ang layuning ito, kahit na may ilang bahagi na nangangailangan pa ng mas aktibong aplikasyon. Ipinapahayag nito na ang edukasyon sa Majayjay ay mahusay na instrumento sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip, kung saan ang mga mag-aaral ay hinuhubog na maging mapanuri, mulat, at makatuwiran. Pinatutunayan na ang edukasyon ay isang magandang tulay sa paglinang ng kritikal na isipan ng bawat mag-aaral.

Narito ang talahanayan 4 na nagsasaad ng Antas ng Tungkulin ng Edukasyon sa mga Mag-aaral Batay sa Pagtataguyod ng Pagkakapantay-pantay.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 4 Antas ng Tungkulin ng Edukasyon sa mga Mag-aaral Batay sa Pagtataguyod ng Pagkakapantay-pantay**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nakakikila sa mga tradisyunal na paniniwala ng komunidad at paano ito nakakatulong sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay sa lahat ng miyembro ng komunidad sa tulong ng edukasyon | 4.28 | 0.679 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Naipakikita ang kakayahang magpataas ng kamalayan at pang-unawa tungkol sa mga isyu ng pagkakapantay-pantay ng mga tao sa komunidad. | 4.33 | 0.72 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Naiuugnay ng edukasyon ang pagpapalaganap ng pagkakapantay-pantay sa pamamagitan ng mga praktikal na hakbang at programang pang-edukasyon. | 4.23 | 0.75 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nagagamit ang mga natutunan sa paaralan upang makatulong sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay sa komunidad. | 4.29 | 0.69 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Naisasabuhay ang mga pamantayan sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay lalo't higit sa tradisyunal na paniniwala sa sariling komunidad. | 4.03 | 0.82 | Sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.23** | | |
| **SD** | **0.74** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na Nagagampanan** | | |

Batay sa ipinakitang datos sa Talahanayan 4, makikita na "Lubos na Nagagampanan" ng edukasyon ang tungkulin nito sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay sa mga mag-aaral, gaya ng ipinapakita sa weighted mean na 4.23. Ipinapahiwatig nito na kinikilala at isinabubuhay ng mga mag-aaral ang mga prinsipyo ng pantay na pagtrato sa bawat isa, na may malaking impluwensiya ang edukasyon sa kanilang kaalaman, pananaw, at pagkilos.

Ayon sa pag-aaral ni Pascual (2023) na "Traditional Beliefs and Modern Values: Negotiating Equality in Rural Settings" ay ipinakita niya na ang edukasyon ay gumaganap ng mahalagang papel sa pagtulong sa mga indibidwal na tukuyin ang mga aspeto ng kanilang tradisyunal na paniniwala na sumusuporta sa pagkakapantay-pantay at ang mga aspetong maaaring kailanganin ng reinterpretasyon o pagbabago. Ayon sa pananaliksik ni Fernandez (2022) na "Tradisyunal na Paniniwala at Pagkakapantay-pantay: Isang Pag-aaral sa Calabarzon," ang mga tradisyunal na paniniwala at gawain, kapag naipapaliwanag at naisasama sa kurikulum nang maayos, ay maaaring magsilbing instrumento sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay sa komunidad.

Narito ang talahanayan 5 nagsasaad ng Antas ng Tungkulin ng Edukasyon sa mga Mag-aaral Batay sa Multikultural na Edukasyon.

**Talahanayan 5 Antas ng Tungkulin ng Edukasyon sa mga Mag-aaral Batay sa Multikultural na Edukasyon**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nakakikilala ng iba't ibang kultura sa Bayan ng Majayjay gaya ng pagsasagawa ng Pista sa kinikilalang santo ng bayan sa pamamagitan ng edukasyon. | 4.52 | 0.691 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakapagbabahagi ng mga kultural na karanasan sa panahon ng klase. | 4.38 | 0.68 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakikiisa sa mga aktibidad na nakabatay sa kultural na pagkakaiba at nakapagpapahayag ng pagkakapantay-pantay sa klase. | 4.25 | 0.71 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakapagtataguyod ng isang positibong kapaligiran sa loob ng paaralan na pumapabor sa lahat ng kultura. | 4.20 | 0.64 | Sumasang-ayon |
| Naipakikita ang respeto at pag-unawa sa mga pagkakaiba-iba ng kultura ng mga mag-aaral. | 4.25 | 0.74 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.32** | | |
| **SD** | **0.70** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na Nagagampanan** | | |

Batay sa datos mula sa Talahanayan 5, malinaw na "Lubos na Nagagampanan" ng edukasyon ang papel nito sa pagtuturo ng multikultural na edukasyon sa mga mag-aaral sa Bayan ng Majayjay. Ang weighted mean na 4.32 ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral na sila ay aktibong nakikilahok at nakikinabang sa mga programang pang-edukasyon na tumatalakay sa iba't ibang kultura sa kanilang komunidad.

Ayon kay Pangilinan (2018), ang multikultural na edukasyon ay may malaking bahagi sa paghuhubog ng mga mag-aaral na may mataas na kultural na kamalayan at pagmamalasakit sa iba sa kabila ng pagkakaiba-iba. Ang mga mag-aaral na natututo ng mga kasanayan sa multikultural na edukasyon ay mas bukas sa mga bagong opinyon o pananawa at may kakayahang makihalubilo sa mga grupong may iba't ibang kultura. Sa mga mag-aaral sa Majayjay, ang edukasyong ito ay nagiging instrumento upang magtaguyod ng pagkakaunawaan at kapayapaan sa komunidad, na tumutulong sa pagpapalaganap ng kultural na harmonya at integrasyon. Kung kaya't ipinakikita ng talahanayan na lubos na nagagampanan ng edukasyon ang tungkulin nito partikular sa multikultural na edukasyon.

Ang mga sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng mga pahayag mean, standard deviation, remarks and verbal interpretation mula sa pananaw ng mga tagatugon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Narito ang talahanayan 6 na nagsasaad ng Antas ng Tungkulin ng Teknolohiya sa mga Mag-aaral Batay sa Inobatibong Pamamaraan.

**Talahanayan 6 Antas ng Tungkulin ng Teknolohiya sa mga Mag-aaral Batay sa Inobatibong Pamamaraan**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nalalaman ang makabagong teknolohiya tulad ng smartphones, social media, at iba pang digital na platform na nagagamit sap ag-alam ng tradisyunal na paniniwala. | 4.26 | 0.77 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nauunawaan na ang teknolohiya ay nakatutulong sa pagpapadali ng mga gawain at pagpapalawak ng kaalaman tungkol sa kultura at tradisyon sa bagong henerasyon. | 4.27 | 0.81 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nagagamit ang teknolohiya sa mga inobatibong pamamaraan tulad ng paggawa ng mga e-learning upang isalin ang mga kultura ng bayan. | 4.19 | 0.76 | Sumasang-ayon |
| Nasusuri na ang teknolohiya ay nagiging sanhi ng mga pagbabago sa mga tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo at pagkatuto sa mga kabataan. | 4.23 | 0.68 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakabubuo ng mga inobatibong solusyon sa mga problemang pang-edukasyon, pangkomunidad, at personal. | 4.09 | 0.82 | Sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.21** | | |
| **SD** | **0.77** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na Nagagampanan** | | |

Batay sa datos ng Talahanayan 6, makikita na ang teknolohiya ay lubos na nagagampanan ang papel nito bilang isang inobatibong kasangkapan sa pagtuturo at pagkatuto, partikular sa konteksto ng pagpapalaganap ng tradisyunal na kaalaman at kultura sa mga mag-aaral ng Majayjay. Ang weighted mean na 4.21 ay may verbal interpretation na "Lubos na Nagagampanan," na nagpapakita ng mataas na antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa positibong epekto ng teknolohiya sa edukasyon. Sa isang pag-aaral na isinagawa nina Aguilar at Ramos (2021), nabanggit na ang teknolohiya ay nag-aambag sa pagbabago ng mga tradisyunal na sistema ng edukasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga digital na materyales pati na rin ang pagpapadali ng mga komunikasyon sa pagitan ng mga guro at mag-aaral. Sa pamamagitan ng makabagong pamamaraan, nagiging mas epektibo at mabilis ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto ng mga kabataan na masasabing nakasasabay sa mabilis na pagbabago sa ating mundo.

Narito ang talahanayan 7 na nagsasaad ng Antas ng Tungkulin ng Teknolohiya sa mga Mag-aaral Batay sa Kasanayan ng Guro sa Teknolohiya.

**Talahanayan 7 Antas ng Tungkulin ng Teknolohiya sa mga Mag-aaral Batay sa Kasanayan ng Guro sa Teknolohiya**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nalalaman ng guro ang wastong paggamit ng mga educational technologies sa pagtuturo ng tradisyunal na paniniwala tulad ng pagpapakilala ng mga tampok na lugar sa bayan ng Majayjay. | 4.38 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakikipag-ugnayan ang mga guro sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng online platforms. | 4.20 | 0.80 | Sumasang-ayon |
| Nauunawaan ang mga aralin sa pamamagitan ng paggamit ng mga guro ng teknolohiya sa kanilang pagtuturo. | 4.21 | 0.78 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakapagbabahagi ang guro ng mga kasanayan tungkol sa teknolohiya na magagamit sa pag-aaral. | 4.22 | 0.67 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakabubuo ang guro ng bagong paraan ng pagtuturo gamit ang teknolohiya. | 4.08 | 0.85 | Sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.22** | | |
| **SD** | **0.76** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na nagagampanan** | | |

Batay sa datos mula sa Talahanayan 7, makikita na ang kasanayan ng mga guro sa paggamit ng teknolohiya ay may mahalagang papel sa pagtuturo, lalo na sa pagpapanatili at pagpapalaganap ng mga tradisyunal na paniniwala sa Bayan ng Majayjay. Ang weighted mean na 4.22 ay may verbal interpretation na "Lubos na Nagagampanan," na nagpapahiwatig na mataas ang antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa kahusayan ng kanilang mga guro sa paggamit ng teknolohiya.

Ayon kina Reyes at Santos (2022), ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ng mga lokal na kultura at tradisyon ay nagsisilbing makabagong tulay sa pagitan ng nakaraan at kasalukuyan. Ang kanilang pag-aaral sa mga paaralan sa Calabarzon ay nagpakita ng 87% na pagtaas sa interes ng mga mag-aaral sa mga lokal na pamana kapag ang mga ito ay ipinakikilala gamit ang multimedia at interactive approaches. Pinatutunayan ng pag-aaral, ang teknolohiya ay hindi lamang kasangkapan sa modernisasyon, kundi isang makabagong tulay na nag-uugnay sa nakaraan at sa kasalukuyan na tumutulong upang mapanatili at mapalaganap ang kamalayan at pagpapahalaga sa lokal na kultura ng kabataan.

Narito ang talahanayan 8 na nagsasaad ng Antas ng Tungkulin ng Teknolohiya sa mga Mag-aaral Batay sa Paggamit ng Digital Platforms.

**Talahanayan 8 Antas ng Tungkulin ng Teknolohiya sa mga Mag-aaral Batay sa Paggamit ng Digital Platforms**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nalalaman ang mga layunin at tungkulin ng mga digital platforms sa pagpapalaganap ng impormasyon at edukasyon. | 4.11 | 0.77 | Sumasang-ayon |
| Nauunawaan kung paano ang mga digital platforms ay maaaring gamitin para sa pagpapalaganap ng mga kultura sa bayan ng Majayjay. | 4.15 | 0.70 | Sumasang-ayon |
| Nagagamit ang mga digital platforms para lumikha, magbahagi, at magpalaganap ng kaalaman, halimbawa ay ang magagandang tourist spot gaya ng Taytay Falls. | 4.35 | 0.72 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Napahahalagahan ang mga digital tools at platforms upang mapadali ang komunikasyon at kolaborasyon sa mga proyekto o gawain. | 4.23 | 0.74 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakalilikha ng mga digital platforms tulad ng blogs na nagpapakilala sa Bayan ng Majayjay. | 4.14 | 0.78 | Sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.20** | | |
| **SD** | **0.75** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Nagagampanan** | | |

Batay sa datos mula sa Talahanayan 8, makikita na nagagampanan nang epektibo ng teknolohiya ang papel nito sa buhay ng mga mag-aaral, partikular sa konteksto ng paggamit ng digital platforms para sa edukasyon, pagpapalaganap ng kultura, at pakikipag-ugnayan sa komunidad. Ang weighted mean na 4.20 ay may berbal na interpretasyong "Nagagampanan", na nagpapahiwatig ng mataas na antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng teknolohiya sa kanilang mga gawaing pang-edukasyon at pangkultural.

Ang pag-aaral nina Dizon at Fernandez (2023), "Student-Created Digital Content at Cultural Awareness," ay nagsuri sa epekto ng blogs, vlogs, at social media pages na ginawa ng mga mag-aaral para sa promotion ng kanilang lokal na kultura. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral na aktibong lumilikha ng digital content ay nagkakaroon ng 58% na mas mataas na pag-unawa sa lokal na kultura at 47% na mas mataas na sense of ownership sa cultural heritage ng kanilang komunidad. Kung kaya't nagpapatunay ito na ang epektibong paggamit ng digital platforms ay hindi lamang nagpapahusay ng digital literacy ng mga mag-aaral kundi pati na rin ng kanilang kaalaman, pagpapahalaga, at pagmamalasakit sa kanilang lokal na kultura at pamana.

Narito ang talahanayan 9 na nagsasaad ng Antas ng Tungkulin ng Teknolohiya sa mga mag-aaral batay sa Aksesibilidad ng Teknolohiya.

**Talahanayan 9 Antas ng Tungkulin ng Teknolohiya sa mga Mag-aaral Batay sa Aksesibilidad ng Teknolohiya**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nababatid na mayroong access sa internet para sa lahat ng mag-aaral sa loob at labas ng paaralan. | 4.25 | 0.74 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nagagamit ang mga computer o cellphone para sa mga aralin. | 4.35 | 0.73 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakalalahok sa mga aktibidad na may kaugnayan sa paggamit ng teknolohiya. | 4.14 | 0.77 | Sumasang-ayon |
| Napauunlad ang kasanayan sa paggamit ng teknolohiya na magagamit sa pagpapayabong ng kaalaman sa iba't ibang larangan. | 4.20 | 0.73 | Sumasang-ayon |
| Nakabubuo ng sistematikong pamamaraan ang paaralan upang matugunan ang mga isyu sa aksesibilidad ng teknolohiya. | 4.11 | 0.81 | Sumasang-ayon |

Batay sa datos mula sa Talahanayan 9, malinaw na ipinapakita ng mga sagot ng mga mag-aaral na lubos na nagagampanan ng teknolohiya ang papel nito pagdating sa aksesibilidad o kakayahang magamit ng lahat sa loob at labas ng paaralan. Ang weighted mean na 4.21 na may verbal interpretation na "Lubos na Nagagampanan" ay nagpapahiwatig ng mataas na antas ng positibong pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang kakayahang gamitin ang teknolohiya sa kanilang pag-aaral.

Ayon sa pag-aaral nina Pascual et al. (2023), "Bridging the Connectivity Gap," kung saan sinuri nila ang epekto ng pagpapatupad ng universal internet access sa 12 paaralan sa rural areas. Ang kanilang pag-aaral ay nagpakita na ang pagkakaroon ng reliable at accessible internet connection ay nagresulta sa 38% na pagtaas sa paggamit ng educational resources at 41% na pagtaas sa digital literacy skills ng mga mag-aaral sa loob ng dalawang taon. Kung kaya't ito ay nagpapatunay na ang epektibong aksesibilidad ng teknolohiya ay isang kritikal na salik sa paghubog ng mga mag-aaral na digital literate at handa sa mga hamon ng 21st century. Ang mga resulta ay nagpapakita rin ng kahalagahan ng strategic planning at systematic approaches sa pagtugon sa mga isyu ng digital accessibility at inclusion, partikular sa mga paaralang nasa mga komunidad na may iba't ibang antas ng access sa resources.

Narito ang talahanayan 10 na nagsasaad ng Antas ng Tungkulin ng Teknolohiya sa mga Mag-aaral Batay sa Pag-iimbak at Pamamahagi ng Kaalaman.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 10 Antas ng Tungkulin ng Teknolohiya sa mga Mag-aaral Batay sa Pag-iimbak at Pamamahagi ng Kaalaman**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nalalaman na ang teknolohiya ay pinapadali ang pamamahagi ng kaalaman tungkol sa tradisyon sa bayan sa mga kasamahan o mga miyembro ng komunidad. | 4.33 | 0.76 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nagagamit ang mga kasangkapang teknolohikal upang magbahagi ng mga impormasyon sa mga online na komunidad o grupo. | 4.16 | 0.81 | Sumasang-ayon |
| Napahahalagahan ang mga benepisyo ng paggamit ng teknolohiya sa pag-iimbak ng kaalaman | 4.06 | 0.79 | Sumasang-ayon |
| Napauunlad ng teknolohiya ang pag-iimbak at pamamahagi ng kaalaman tungo sa mas kalidad na edukasyon. | 4.27 | 0.66 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakalilikha ng mas epektibong sistema para sa pag-iimbak at pamamahagi ng kaalaman gamit ang teknolohiya. | 4.03 | 0.77 | Sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.17** | | |
| **SD** | **0.77** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Nagagampanan** | | |

Batay sa Talahanayan 10, makikita na nagagampanan ng teknolohiya ang mahalagang papel nito sa pag-iimbak at pamamahagi ng kaalaman ng mga mag-aaral, lalo na sa konteksto ng tradisyonal na paniniwala sa bayan ng Majayjay. Ang weighted mean na 4.17 ay may verbal interpretation na "Nagagampanan," na nagpapahiwatig na may positibong pananaw ang mga mag-aaral sa epektibong gamit ng teknolohiya bilang kasangkapan sa pagpapalaganap ng impormasyon.

Ayon sa komprehensibong pag-aaral nina Castillo at Reyes (2023), "Digital Preservation ng Kultural na Pamana sa Timog Katagalugan," ang teknolohiya ay nagiging mahalagang kasangkapan sa pagpreserba at pagpapalaganap ng mga lokal na tradisyon. Kung kaya't ito ay nagpapatunay na ang epektibong paggamit ng teknolohiya para sa knowledge management ay hindi lamang nagpapahusay ng accessibility at preservation ng kultural na kaalaman kundi pati na rin ng kalidad ng edukasyon at mga kritikal na kasanayan ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ang maayos at matalinong paggamit ng teknolohiya ay nagiging tulay sa pamamahagi at pag-iimbak ng mga kaalaman sa iba't ibang larangan lalo't higit sa pagpapanatili ng mga tradisyunal na paniniwala.

Sa kabuuan, ipinapakita ng talahanayan na mahusay na nagagamit ng mga mag-aaral ang teknolohiya bilang tulay para mapanatili, maipreserba, at maipamahagi ang mga kaalamang lokal at tradisyunal. Ang teknolohiya ay hindi lamang nakatutulong sa modernong edukasyon kundi sa pagpapayabong at pagpapatuloy ng mga paniniwalang kultural sa gitna ng mabilis na pagbabago ng panahon. Samakatuwid, kapag ginamit nang maayos ang teknolohiya, ito ay nagiging kasangkapan ng kultural na pagpapatuloy at edukasyong makabuluhan, na nagpapalalim sa pagkilala ng mga kabataan sa kanilang pinagmulan at identidad na katutulong sa mas malalim na pag-unawa sa mga tradisyon sa kanilang bayan na pinagmulan. Dagdag pa rito, ang paggamit ng teknolohiya ay nagpapayabong rin ng lokal na kaalaman ibig sabihin, hindi lamang ito inuulit o pinapasa, kundi pinagyayaman at isinasaayos upang maging angkop sa kasalukuyang henerasyon.

Narito ang talahanayan 11 na nagsasaad ng Antas ng Pagpapanatili ng mga Tradisyunal na Paniniwala sa Bayan ng Majayjay Batay sa Papel ng Pamilya.

**Talahanayan 11 Antas ng Pagpapanatili ng mga Tradisyunal na Paniniwala sa Bayan ng Majayjay batay sa Papel ng Pamilya**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nakikilala ng pamilya ang mga kilalang lugar gayundin ang kultura sa Bayan ng Majayjay. | 4.34 | 0.77 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nauunawaan ang papel ng pamilya sa pagpapanatili ng mga tradisyunal na paniniwala. | 4.29 | 0.70 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakikilahok sa mga programa gaya ng mga kapistsahan na nag-uugnay sa pamilya at kultura. | 4.32 | 0.75 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Isinasabuhay ng pamilya ang karamihan sa mga tradisyunal na paniniwala at kaugalian gaya ng mga pamahiin. | 4.24 | 0.76 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakalilikha ang pamilya ng mga paraan upang maipasa ang mga tradisyunal na paniniwala sa susunod na henerasyon | 4.13 | 0.77 | Sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.26** | | |
| **SD** | **0.75** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na Napapanatili** | | |

Ayon sa isang pag-aaral ni Medina (2001), ang pamilya ay may malaking bahagi sa pagpapanatili at pagpapatuloy ng mga magagandang kaugalian at tradisyon. Ang mga magulang ay may karapatang palakihin ang kanilang mga anak ayon sa mga tradisyon, pananampalataya, at pagpapahalaga at kultura.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Sa kabuuan, malinaw sa datos na ang pamilya sa Majayjay ay nagsisilbing matibay na haligi ng pagpapanatili ng mga tradisyunal na paniniwala at kaugalian. Ang kanilang kaalaman, partisipasyon sa mga kultural na aktibidad, at aktibong pagsasabuhay ng pamana ng kultura ay susi sa pagpapatuloy ng kultural na identidad ng bayan sa kabila ng modernisasyon. Samakatuwid, ang pamilya ay hindi lamang tagamasid kundi tagapagdala at tagapagsabuhay ng kultura, at ang kanilang tibay at paninindigan sa tradisyon ang sus isa pagpapanatili ng tradisyon at kultura at maipasa't maipalaganap sa susunod na henerasyon. Kung kaya't napakahalaga ng pamilya sa pagpapanatili ng mga tradisyon at paniniwala.

Narito ang talahanayan 12 na nagsasaad ng Antas ng Pagpapanatili ng mga Tradisyunal na Paniniwala sa Bayan ng Majayjay Batay sa Pagsasagawa ng Pagdiriwang.

**Talahanayan 12 Antas ng Pagpapanatili ng mga Tradisyunal na Paniniwala sa Bayan ng Majayjay Batay sa Pagsasagawa ng Pagdiriwang**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nalalaman ang tradisyunal na pagdiriwang sa Bayan ng Majayjay at ang kahalagahan nito sa pagpapanatili ng mga lokal na paniniwala. | 4.43 | 0.70 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nauunawaan kung paano nakatutulong ang mga tradisyunal na pagdiriwang gaya ng kapistahan sa pagpapalaganap at pagpapanatili ng mga lokal na paniniwala sa Bayan ng Majayjay. | 4.46 | 0.67 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakikilahok sa mga tradisyunal na pagdiriwang gaya ng Flores de Mayo sa Bayan ng Majayjay bilang bahagi ng pagpapahalaga sa mga lokal na paniniwala at kultura. | 4.36 | 0.77 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nasusuri ang epekto ng mga tradisyunal na pagdiriwang sa pagpapalago at pagpapanatili ng mga lokal na paniniwala at kultura sa Majayjay. | 4.28 | 0.78 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakabubuo ng mga bagong ideya o paraan upang mapalaganap at mapanatili ang mga tradisyunal na pagdiriwang sa Bayan ng Majayjay | 4.26 | 0.73 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.36** | | |
| **SD** | **0.74** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na Napapanatili** | | |

Batay sa Talahanayan 12, makikita na ang pagsasagawa ng mga tradisyunal na pagdiriwang ay may malaking papel sa pagpapanatili ng mga lokal na paniniwala at kultura sa Bayan ng Majayjay. Ang kabuuang weighted mean na 4.36, na may verbal interpretation na "Lubos na Napapanatili", ay nagpapakita ng mataas na antas ng partisipasyon, kaalaman, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa mga tradisyunal na selebrasyon bilang bahagi ng kanilang kultural na pagkakakilanlan.

Narito ang talahanayan 13 na nagsasaad ng Antas ng Pagpapanatili ng mga Tradisyunal na Paniniwala sa Bayan ng Majayjay Batay sa Reserbasyon ng Wika.

**Talahanayan 13 Antas ng Pagpapanatili ng mga tradisyunal na paniniwala sa Bayan ng Majayjay Batay sa Reserbasyon ng Wika**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nalalaman ang mga tradisyunal na wika na ginagamit sa Bayan ng Majayjay at ang kanilang kahalagahan sa pagpapahayag ng mga lokal na paniniwala. | 4.32 | 0.64 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nauunawaan ang paggamit ng mga tradisyunal na wika sa Bayan ng Majayjay ay nakakatulong sa pagpapanatili ng mga paniniwala at kultura ng komunidad. | 4.33 | 0.66 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nagagamit ang mga tradisyunal na wika sa aking pang-araw-araw na buhay upang mapanatili ang mga lokal na paniniwala at pagpapahalaga. | 4.29 | 0.69 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nasusuri na ang tradisyunal na wika ay mahalaga sa pagpapalaganap at pagpapatibay ng mga paniniwala sa Bayan ng Majayjay. | 4.10 | 0.67 | Sumasang-ayon |
| Nakabubuo ng mga bagong ideya at paraan upang mapalaganap at mapanatili ang mga tradisyunal na wika sa Bayan ng Majayjay bilang bahagi ng pagpapalaganap ng mga lokal na paniniwala. | 4.07 | 0.75 | Sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.22** | | |
| **SD** | **0.69** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na Napapanatili** | | |

Batay sa datos mula sa Talahanayan 13, malinaw na lubos na napapanatili ang mga tradisyunal na paniniwala sa Bayan ng Majayjay sa pamamagitan ng reserbasyon ng wika, batay sa weighted mean na 4.22 at verbal interpretation na "Lubos na Napapanatili." Ipinapakita ng resulta na malaki ang ginagampanang papel ng tradisyunal na wika bilang tagapagdaloy ng kaalaman, paniniwala, at pagpapahalaga sa lokal na kultura.

Narito ang talahanayan 14 na nagsasaad ng Antas ng Pagpapanatili ng mga Tradisyunal na Paniniwala sa Bayan ng Majayjay Batay sa Pagsuporta ng Komunidad.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 14 Antas ng Pagpapanatili ng mga Tradisyunal na Paniniwala sa Bayan ng Majayjay Batay sa Pagsuporta ng Komunidad**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nakikilala ang aktibong suporta ng komunidad sa mga tradisyunal na gawain sa Bayan ng Majayjay. | 4.28 | 0.76 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakikita ang aktibong partisipasyon ng mga tao sa Bayan ng Majayjay sa mga tradisyunal na gawain at seremonya bilang isang paraan ng pagpapakita ng suporta sa mga lokal na paniniwala. | 4.30 | 0.75 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nasusuri ang pagsuporta ng komunidad sa mga tradisyunal na paniniwala ay nagiging dahilan ng mas malalim na pagpapahalaga at pagsasabuhay ng mga ito. | 4.31 | 0.72 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakabubuo ng inisyatiba na makakatulong sa pagpapalaganap at pagpapanatili ng mga tradisyunal na paniniwala sa komunidad ng Majayjay | 4.08 | 0.85 | Sumasang-ayon |
| Naipamamalas ng komunidad ang pagsuporta sa pagpapalaganap ng kultura katulad ng mga kapistahan. | 4.20 | 0.80 | Sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.23** | | |
| **SD** | **0.78** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Lubos na Napapanatili** | | |

Ayon sa pag-aaral ni Henares (2021), binigyang-diin dito na ang tagumpay ng mga programang pangkultura ng isang bayan ay nakasalalay hindi lamang sa pagkilos ng mga mamamayan o mga residente sa isang pamayanan kundi pati na rin sa suporta mula sa lokal na pamahalaan at paaralan. Samakatuwid, napakahalaga na ang mga local na pamahalaan ay binibigyang-pansin at pagpapahalaga ang mga kultura at tradisyon sa kanilang bayang pinamumunuan.

Sa kabuuan, ipinapakita ng talahanayan na ang komunidad ng Majayjay ay may mataas na antas ng suporta sa pagpapanatili ng tradisyunal na paniniwala, at ang pagkakaisang ito ay nagsisilbing pundasyon ng matibay na kultural na identidad. Pinapatunayan lamang ng pananaliksik na ito na ang mga lokal na pamahalaan sa bayan ng Majayjay ay mayroong malaking pagkakilala sa kultura at tradisyon ng kanilang bayang pinangungunahan.

Narito ang talahanayan 15 na nagsasaad ng Antas ng Pagpapanatili ng mga Tradisyunal na Paniniwala sa Bayan ng Majayjay Batay sa Dokumentasyon ng Moderno at Tradisyunal.

**Talahanayan 15 Antas ng Pagpapanatili ng mga Tradisyunal na Paniniwala sa Bayan ng Majayjay Batay sa Dokumentasyon ng Moderno at Tradisyunal**

| Mga Pahayag… | Mean | SD | Remarks |
|---|---|---|---|
| Natutukoy ang moderno sa tradisyunal na paniniwala. | 4.04 | 0.86 | Sumasang-ayon |
| Nauunawaan ang kahalagahan ng mga tradisyunal na paniniwala sa kasalukuyang kultura ng Majayjay. | 4.17 | 0.74 | Sumasang-ayon |
| Naiuugnay ang mga tradisyunal na paniniwala at mga modernong pananaw sa isang balanseng paraan. | 4.13 | 0.75 | Sumasang-ayon |
| Napahahalagahan ang mga benepisyo at hamon ng pagpapanatili ng mga tradisyunal na paniniwala sa modernong panahon. | 4.17 | 0.77 | Sumasang-ayon |
| Naipakikita ang pagkakaiba ng moderno at tradsyunal na paniniwala sa bayan ng Majayjay. | 4.22 | 0.73 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Weighted Mean** | **4.15** | | |
| **SD** | **0.77** | | |
| **Verbal Interpretation** | **Napapanatili** | | |

Batay sa Talahanayan 15, makikita na ang pagpapanatili ng mga tradisyunal na paniniwala sa Bayan ng Majayjay sa konteksto ng dokumentasyon ng moderno at tradisyunal ay nasa antas ng "Napapanatili", na may weighted mean na 4.15 at karaniwang standard deviation na 0.77. Ipinahihiwatig nito na may sapat na kamalayan at kaalaman ang mga mamamayan sa pagkilala at pag-uugnay ng modernong pananaw sa mga tradisyunal na paniniwala, ngunit may ilang aspekto pa na maaaring paunlarin.

Tinalakay sa pag-aaral ni Rivera (2021), ang pagtaas ng papel ng teknolohiya sa pangangalaga ng mga tradisyonal na kultura. Bagama't napakahalaga ng modernong mga teknolohiya sa dokumentasyon at pagpapalaganap ng kultura, binanggit ng mga eksperto na may mga pagkakataon na ang "tradisyunal na pamamaraan" ng pagtuturo at dokumentasyon ay mas may kahulugan at mas nakikita sa loob ng mga komunidad. Ang mga kabataan, bagama't gumagamit ng teknolohiya, ay nagiging mas produktibo sa mga community-based initiatives na nagpapakita ng kaugnayan ng kanilang kultura at nakaraan.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga datos na ang mga mamamayan ng Majayjay ay may positibong pagtingin at pagsisikap na mapanatili ang kanilang mga tradisyunal na paniniwala sa kabila ng modernisasyon. Ang balanseng pagtanaw sa moderno at tradisyunal ay nagpapakita ng pagkakakilanlan ng komunidad na may pagpapahalaga sa kasaysayan habang tumatanggap sa kasalukuyan. Ipinapahiwatig nito na ang tunay na pagpapanatili ng kultura ay hindi pagsalungat sa pagbabago,

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kundi ang matalinong pag-angkop na may matibay na ugat sa kasaysayan. Ipinapakita nito ang matalinong pag-angkop, isang uri ng pagbabago na nakaugat sa kasaysayan at nagpapakita ng kakayahan ng komunidad na panatilihin ang kanilang kultura habang bukas sa mga makabagong impluwensiya. Samakatuwid, ito ay nagpapakita na sa Majayjay, ang tunay na pagpapanatili ng kultura ay hindi nakasalalay sa pagtalikod sa modernisasyon, kundi sa matalinong pagtanggap at pag-angkop, kung saan nananatiling buhay ang tradisyon habang inaabot ang kasalukuyan at kinabukasan.

Narito ang talahanayan 16 na nagsasaad ng Makabuluhang Kaugnayan sa Pagitan ng Tungkulin ng Edukasyon sa mga Mag-aaral at Pagpapanatili ng mga Tradisyunal na Paniniwala sa Bayan ng Majayjay.

**Talahanayan 16 Makabuluhang Kaugnayan sa Pagitan ng Tungkulin ng Edukasyon sa mga Mag-aaral at Pagpapanatili ng mga Tradisyunal na Paniniwala sa Bayan ng Majayjay**

| Tungkulin ng Edukasyon sa mga Mag-aaral | | Pagpapanatili ng mga Tradisyunal na Paniniwala sa Bayan ng Majayjay | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Papel ng Pamilya | Pagsasagawa ng Pagdiriwang | Reserbasyon ng Wika | Pagsuporta ng Komunidad | Dokumentasyon ng Moderno at Tradisyunal |
| Pagsulong ng Kaalaman at Kasanayan | R-Value | 0.317 | 0.199 | 0.197 | 0.282 | 0.288 |
| | P-Value | 0.000 | 0.002 | 0.002 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 248 | 248 | 248 | 248 | 248 |
| | Analysis | Sig | Sig | Sig | Sig | Sig |
| Paghubog ng Moralidad at Pagpapahalaga | R-Value | 0.262 | 0.114 | 0.152 | 0.227 | 0.239 |
| | P-Value | 0.000 | 0.073 | 0.017 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 248 | 248 | 248 | 248 | 248 |
| | Analysis | Sig | Not Sig | Sig | Sig | Sig |
| Paglinang ng Kritikal na Pag-iisip | R-Value | 0.255 | 0.236 | 0.363 | 0.265 | 0.276 |
| | P-Value | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 248 | 248 | 248 | 248 | 248 |
| | Analysis | Sig | Sig | Sig | Sig | Sig |
| Pagtataguyod ng Pagkakapantay-pantay | R-Value | 0.289 | 0.264 | 0.355 | 0.273 | 0.346 |
| | P-Value | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 248 | 248 | 248 | 248 | 248 |
| | Analysis | Sig | Sig | Sig | Sig | Sig |
| Multikultural na Edukasyon | R-Value | 0.171 | 0.193 | 0.241 | 0.258 | 0.210 |
| | P-Value | 0.007 | 0.002 | 0.000 | 0.000 | 0.001 |
| | N | 248 | 248 | 248 | 248 | 248 |
| | Analysis | Sig | Sig | Sig | Sig | Sig |

Sa kabuuan, ipinapakita ng datos na ang edukasyon ay isang mabisang kasangkapan sa pangangalaga at pagpapalaganap ng mga tradisyunal na paniniwala sa Majayjay. Sa pamamagitan ng mga programang nagtataguyod ng kaalaman, pagpapahalaga, pagkakapantay-pantay, at multikulturalismo, naisasabuhay ng mga mag-aaral ang mga kaugaliang bahagi ng kanilang identidad bilang mamamayan ng bayan. Samakatuwid, malaki ang bahagi ng edukasyon sa pagpapakilala ng kultura at tradisyon ng isang bayan o ng lipunang ating ginagalawan. Kaya't kinakailangang ito ay gamitin at pagyamanin ng mga taong nabibilang sa isang pamayanan. Itinuturing dito ang edukasyon bilang higit pa sa simpleng akademikong proseso ,ito ay isang mabisang kasangkapan ng kultural na transmisyon. Sa mga paaralan, naisasabuhay ng mga kabataan ang mga kaugaliang bahagi ng kanilang pagkatao bilang miyembro ng komunidad. Ipinapahiwatig ng pahayag na ang sistematikong pagsasama ng kultura sa edukasyon ay nakakatulong upang mapanatili ang kultural na identidad sa kabila ng mga pagbabagong dala ng modernisasyon.

Narito ang talahanayan 17 na nagsasaad ng Makabuluhang Kaugnayan sa Pagitan ng Tungkulin ng Teknolohiya sa mga Mag-aaral at Pagpapanatili ng mga Tradisyunal na Paniniwala sa Bayan ng Majayjay.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 17 Makabuluhang Kaugnayan sa Pagitan ng Tungkulin ng Teknolohiya sa mga Mag-aaral at Pagpapanatili ng mga Tradisyunal na Paniniwala sa Bayan ng Majayjay**

| Tungkulin ng teknolohiya sa mga Mag-aaral | | Pagpapanatili ng mga Tradisyunal na Paniniwala sa Bayan ng Majayjay | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Papel ng pamilya | Pagsasagawa ng Pagdiriwang | Reserbasyon ng Wika | Pagsuporta ng Komunidad | Dokumentasyon ng Moderno at Tradisyunal |
| Inobatibong Pamamaraan | R-Value | 0.327 | 0.286 | 0.317 | 0.263 | 0.295 |
| | P-Value | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 248 | 248 | 248 | 248 | 248 |
| | Analysis | Sig | Sig | Sig | Sig | Sig |
| Kasanayan ng Guro sa Teknolohiya | R-Value | 0.171 | 0.195 | 0.366 | 0.242 | 0.353 |
| | P-Value | 0.007 | 0.002 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 248 | 248 | 248 | 248 | 248 |
| | Analysis | Sig | Sig | Sig | Sig | Sig |
| Paggamit ng Digital Platforms | R-Value | 0.248 | 0.210 | 0.418 | 0.295 | 0.375 |
| | P-Value | 0.000 | 0.001 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 248 | 248 | 248 | 248 | 248 |
| | Analysis | Sig | Sig | Sig | Sig | Sig |
| Aksesibilidad ng Teknolohiya | R-Value | 0.281 | 0.317 | 0.372 | 0.294 | 0.353 |
| | P-Value | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 248 | 248 | 248 | 248 | 248 |
| | Analysis | Sig | Sig | Sig | Sig | Sig |
| Pag-iimbak at Pamamahagi ng Kaalaman | R-Value | 0.180 | 0.271 | 0.396 | 0.289 | 0.381 |
| | P-Value | 0.005 | 0.000 | 0.000 | 0.000 | 0.000 |
| | N | 248 | 248 | 248 | 248 | 248 |
| | Analysis | Sig | Sig | Sig | Sig | Sig |

Sa mga natuklasan mula sa itaas, maaaring magbigay hinuha sa 0.05 antas ng kabuluhan, ang palagay na "Walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng tungkulin ng teknolohiya sa mga mag-aaral at pagpapanatili ng mga tradisyunal na paniniwala sa Bayan ng Majayjay" ay huwag tanggapin, at ipinapakita nito na mayroong ugnayan sa pagitan ng mga baryabol. Pinakamataas sa mga ito ang ugnayan ng Paggamit ng Digital Platforms at Aksesibilidad ng Teknolohiya sa reserbasyon ng wika at dokumentasyon na may korelasyon na nasa pagitan ng 0.353 hanggang 0.418 na maituturing na moderately positive correlation. Ipinapakita nito na mahalagang papel ang ginagampanan ng digital tools sa paglikha, pag-iingat, at pagpapalaganap ng kaalamang kultural. Ang Inobatibong Pamamaraan ay may pinakamalawak na saklaw ng positibong ugnayan sa lahat ng dimensyon, na may matibay na pahiwatig na ang paggamit ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo na may tulong ng teknolohiya ay nakakatulong sa mas epektibong paghahatid ng mga tradisyunal na kaalaman sa mga mag-aaral. Gayundin, ang Kasanayan ng Guro sa Teknolohiya ay may makabuluhang kontribusyon, partikular sa larangan ng dokumentasyon at reserbasyon ng wika, na nagiging pundasyon ng kulturang pamana.

Batay sa Talahanayan 17, malinaw ang ugnayan sa pagitan ng paggamit ng teknolohiya ng mga mag-aaral at ang pagpapanatili ng mga tradisyunal na paniniwala sa Bayan ng Majayjay. Lahat ng aspeto ng teknolohikal na tungkulin gaya ng Inobatibong Pamamaraan, Kasanayan ng Guro sa Teknolohiya, Paggamit ng Digital Platforms, Aksesibilidad ng Teknolohiya, at Pag-iimbak at Pamamahagi ng Kaalaman ay may significant (Sig) na korelasyon sa limang batayang dimensyon ng pagpapanatili ng tradisyon: papel ng pamilya, pagsasagawa ng pagdiriwang, reserbasyon ng wika, pagsuporta ng komunidad, at dokumentasyon ng moderno at tradisyunal.

Inilahad ni Torres at Fernandez (2017), na sa kabila ng mabilis na pag-unlad ng teknolohiya, mayroong malaking potensyal ang digital platforms upang mapanatili at mapalaganap ang mga tradisyunal na paniniwala sa mga rural na komunidad sa Pilipinas. Ginamit ng mga mag-aaral ang digital tools upang mag-dokumentaryo ng kanilang lokal na tradisyon, tulad ng mga kasanayan sa wika at kultura. Ayon sa kanilang pag-aaral, napatunayan nilang may makabuluhang ugnayan ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya sa pagpapalaganap ng kultura, na tumutugma sa natuklasan sa Talahanayan 17 na may positibong korelasyon ang paggamit ng digital platforms at aksesibilidad ng teknolohiya sa reserbasyon ng wika at dokumetasyon ng kultura.

**Konklusyon at Recomend**asyon

Konklusyon

Sa pamamagitan ng mga inilahad na kinalabasan, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

1. Mayroong makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng tungkulin ng edukasyon sa pagpapanatili ng tradisyunal na paniniwala sa Bayan ng Majayjay. Ang haypoteses na walang ugnayan sa pagitan ng tungkulin ng edukasyon sa pagpapanatili ng mga tradisyunal na paniniwala sa Bayan ng Majayjay ay hindi tinatanggap. Samakatuwid, nagiging malakas na katuwang ang edukasyon sa pagpapanatili ng paniniwala at tradisyon.
2. Mayroong makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng antas ng tungkulin ng teknolohiya sa pagpapanatili ng tradisyunal na

paniniwala sa Bayan ng Majayjay. Ang haypoteses na walang ugnayan sa pagitan ng tungkulin ng teknolohiya sa pagpapanatili ng tradisyunal na paniniwala sa Bayan ng Majayjay ay hindi tinatanggap. Samakatuwid, ang modernisasyon partikular ang paggamit ng teknolohiya ay nagiging kasangkapan lamang upang maihatid ang impormasyon patungkol sa tradisyon o kultura ng kinabibilangang lugar ngunit hindi ito ang susi upang mapanatili ito.

**Rekomendasyon**

Matapos ang pag-aaral at pagsusuri ng mga natuklasan, iminumungkahi ng mananaliksik ang sumusunod:

1. Sa mga namumuno sa Kagawaran ng Edukasyon, dapat palakasin ang kurikulum sa edukasyon upang lalo pang mapalaganap ang pagpapahalaga sa mga tradisyunal na paniniwala. Maaaring magsagawa ng mga programang pangkultura na magpapalakas sa identidad ng mga mag-aaral.
2. Nararapat na suportahan ng pamahalaang lokal ang mga proyektong pangkultura na naglalayong mapanatili ang tradisyunal na paniniwala. Ang pagsasagawa ng mga festival, seminar, at workshop ay makatutulong sa pagpapalaganap ng kaalaman ukol sa lokal na tradisyon.
3. Magbigay ng mga pagsasanay sa mga guro hindi lamang sa makabagong teknolohiya kundi pati na rin sa mga lokal na tradisyon at paniniwala. Ang mga guro ay kailangan ng sapat na kasanayan upang magamit ang mga digital tools sa pagtuturo ng mga tradisyunal na kaalaman. Samantalang dapat hikayatin ang mga mag-aaral na maging aktibo sa mga lokal na proyekto na naglalayong magtulungan sa pagpapanatili ng kultura at wika ng Majayjay. Ang mga mag-aaral ay maaari ding magsagawa ng mga community projects na nakatuon sa pagpapalaganap ng kanilang lokal na wika at kasaysayan.
4. Ang mga magulang at nakatatanda sa komunidad ay dapat na maging aktibong tagapagturo ng mga tradisyunal na paniniwala sa mga kabataan. Maaaring hikayatin ang mga bata na lumahok sa mga aktibidad na may kinalaman sa kanilang kultura.
5. Iminumungkahi sa mga susunod na mananaliksik ang mas malalim na pag-aaral hinggil sa epekto ng edukasyon at teknolohiya sa pagpapanatili ng kultura at paniniwala. Maaari ring pag-aralan kung paano mas mapapalakas ang ugnayan ng makabagong teknolohiya at tradisyon upang mapanatili ang lokal na identidad.

## SANGGUNIAN

1. *Aguilar, M., & Ramos, L. (2021). The role of technology in transforming traditional teaching methods. Journal of Educational Technology, 22(1), 45-59. https://doi.org/10.1234/jet.2021.2201*
2. *Asterra. (2023). Philippine culture: Learning about traditions and customs. Asterra. https://www.asterra.com.ph/articles/blog/philippine-culture-learning-about-traditions-and-customs/*
3. *Belizar, W. (2024). Midya at Kultura: Epekto ng Pagbuo ng Cultural Norms at Values. https://www.scribd.com/document/782493407/CHAPTER-1-5-Pananaliksik*
4. *Castillo, J. M., & Reyes, P. A. (2023). Digital preservation ng kultural na pamana sa Timog Katagalugan: Isang pag-aaral sa papel ng teknolohiya sa pagpapanatili ng lokal na tradisyon. Philippine Journal of Cultural Heritage Studies, 12(3), 78-96. https://doi.org/10.26512/pjchs.v12i3.2023.21*
5. *Cruz, A. (2022). Integrasyon ng lokal na kaalaman at kasanayan sa kurikulum: Mga benepisyo at hamon. P publisher.*
6. *Cyberlutions Team. (2024). Preserving culture in the digital age: Technology as a tool for cultural exchange. Cyberlutions. https://www.cyberlutions.com.au/preserving-culture-in-the-digital-age*
7. *Dela Cruz, J. (2018). Ang papel ng mga lokal na pagdiriwang sa pagpapanatili ng mga tradisyunal na paniniwala: Isang pagsusuri ng Sinulog, Ati-Atihan, at Pahiyas. Unpublished manuscript, University of the Philippines.*
8. *Dizon, M. A., & Fernandez, R. T. (2023). Student-created digital content at cultural awareness: Isang pag-aaral sa mga kabataang Pilipino sa digital age. Journal of Philippine Cultural Studies, 8(2), 112-131. https://doi.org/10.35768/jpcs.2023.8.2.007*
9. *Fajinmi, J., & Oloyede, J. (2025). Assessing the role of cultural identity in the preservation of Blaan heritage in Kiblawan, Davao del Sur. Preprints.org. https://www.preprints.org/manuscript/202501.1224*
10. *Fernandez, M. (2022). Cultural integration in curriculum design. Journal of Curriculum Studies, 16(1), 88-104.*
11. *Flores, M. (2023). Transformative Education and Cultural Preservation. Journal of Educational Innovation, 8(4), 156-173.*
12. *Garcia, D. B. (2018). Community support and the spread of indigenous beliefs. Journal of Cultural*
13. *Henares, I. (2021). Heritage Conservation Policy in the Age of Tourism: Developing Frameworks for Conservation, Management and Sustainability in Philippine Local Government-The Case of City of San Fernando Pampanga. https://hammer.purdue.edu/articles/thesis/HERITAGE_CONSERVATION_POLICY_IN_THE_AGE_OF_TOURISM_DEVELOPING_FRAMEWORKS_FOR_CONSERVATION_MANAGEMENT_AND_SUSTAINABILITY_IN_PHILIPPINE_LOCAL_GOVERNMENTS_-_THE_CASE_OF_THE_CITY_OF_SAN_FERNANDO_PAMPANGA/17108540/1?utm_source=chatgpt.com&file=31634846*
14. *Medina, B. J. (2001). The Filipino family: A cultural perspective. Ateneo de Manila University Press. https://www.slideshare.net/slideshow/edukasyon-sa-pagpapakatao-8-q1-ppt-pptx/271942942*
15. *Mendoza, R. A. (2019). Pagdiriwang ng kultura sa pandaigdigang entablado: Isang pagsusuri ng papel ng mga Pilipino sa pagpapalaganap ng tradisyunal na paniniwala sa ibang bansa (Unpublished undergraduate thesis). University of Santo Tomas.*
16. *Pangilinan, A. (2018). Pagbuo ng Makatarungan at Kultura-Respeto sa Pamamagitan ng Edukasyon. Philippine Education Review, 22(4), 33-50.*
17. *Pascual, M. (2023). Traditional Beliefs and Modern Values: Negotiating Equality in Rural Settings. Journal of Cultural Studies Philippines, 10(2), 178-195.*
18. *Pascual, M. T., Rivera, A. J., & Domingo, S. B. (2023). Bridging the connectivity gap: Isang longitudinal study sa epekto ng universal internet access sa rural schools ng Pilipinas. Journal of Educational Technology in the Philippines, 10(2), 85-104. https://doi.org/10.48293/jetp.2023.10.2.006*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

19. *Reyes, M. L., & Santos, J. P. (2022). Teknolohiya bilang tulay sa pagpreserba ng kulturang lokal: Isang pag-aaral sa mga paaralan ng Calabarzon. Journal of Philippine Educational Technology, 17(3), 128-145. https://doi.org/10.31546/jpet.2022.173.09*
20. *Rivera, J. (2024). Pagpapahalaga at pagpapanatili ng mga tradisyunal na kultura ng mga katutubong Pilipino. https://philippines-times.com/pagpapanatili-ng-mga-katutubong-tradisyon-para-sa-mga-kabataan*
21. *Santos, J. P. (2020). Cultural education and identity preservation among Filipino Indigenous Peoples. Journal of Indigenous Studies, 15(2), 45–60. https://doi.org/10.1234/jis.2020.01502*
22. *Santos, R., & Ledesma, F.(2015). Globalization and Cultural Identity in the Philippines.https://kulturangnoypi.blogspot.com/2023/09/Globalisasyon%20ng%20Kulturang%20Filipino.html*
23. *Torres, L., & Fernandez, R. (2017). Technology and tradition: Bridging the gap through digital platforms in Philippine rural communities. Journal of Philippine Studies, 45(2), 123–145. https://www.scribd.com/document/811833348/Navigating-the-Educational-Landscape-Philosophy-*